


# Mahahalagang Mungkahi para sa Ligtas na Pangangalaga ng Kalusugan



Ang kailangan mong malaman para sa iyong sarili, iyong pamilya o sa isang pinahahalagahan mo.

## 1 Magtanong

May karapatan kang magtanong tungkol sa iyong pangangalaga.



## 2 Humanap ng mabuting impormasyon

Hindi lahat ng impormasyon ay tama. Magtanong sa iyong doktor para sa patnubay.

## 3 Unawain ang mga panganib at benepisyo

Alamin ang tungkol sa iyong mga pagsusuri at mga paggamot bago ito isagawa.

## 4 Ilista ang lahat ng iyong mga gamot

Tanungin ang iyong doktor o parmaseutiko kung kailangan mo ng higit pang impormasyon tungkol sa mga gamot na iniinom mo.



## 5 Kumpirmahin ang mga detalye ng iyong operasyon bago magsimula

Magtanong upang malaman kung sino ang magsasagawa ng iyong procedure at kung ano ang mangyayari sa iyo.

## 6 Magtanong tungkol sa iyong pangangalaga paglabas sa ospital

Humingi ng nakasulat na balangkas ng iyong paggamot at kung ano ang mangyayari sa iyong pag-uwi sa bahay.

## 7 Alamin ang iyong mga karapatan

Ikaw ay may ilang karapatan bilang pasyente. Basahin ang aming patnubay upang malaman kung ano ang mga ito.

## 8 Unawain ang pribasya

Ang iyong medikal na impormasyon ay kompidensyal. Maaari mong hilinging makita ang iyong medikal rekord.

## 9 Magbigay ng feedback

Tumutulong ang feedback upang malaman ng mga propesyonal sa kalusugan kung kailan gagawin ang pagpapabuti.

I-download ang aming libreng libreto sa:  
[www.safetyandquality.gov.au/toptips](http://www.safetyandquality.gov.au/toptips)